

PANALANGIN SA MAG NG PAG-IBIG

Filipino

Hesus! Maria! Minamahal ko kayo.
Kaawaan ninyo kami!
Iligtas ninyo lahat ang kaluluwa. Amen.

O! Mag Puso ng Pag-ibig
O! Mga Pusong laging magka-isa sa Pag-ibig!
Nawa'y mahal in ko Kayo palagi at tulungan ninyo akong
akayin ang iba na mahal in din Kayo.
Kunin ninyo ang aking makasalanang Puso at huwag Ninyo
itong ibalik sa akin hangga't hindi nagiging maalab na apoy
ng Inyong Pag-ibig. Alam kong hindi ako karapat-dapat na
lumapit sa Inyo ngunit kunin Ninyo ang aking katauhan
at linisin Ninyo ito sa mga apoy ng inyong pagmamahal.
Kunin Ninyo ako sa inyong piling at gamitin Ninyo ako
sa Inyong kagustuhan dahil Inyong-inyo ako.
Amen.

O! Dalisay na Pag-ibig!
O! Banal na Pag-ibig!
Sugatan Ninyo ako at nawa'y ang aking dugo ay dumaloy
sa sugat ng Pinakadalisay na Puso ni Maria!
O! Pinakadalisay na Puso!
Ka-isa ng Banal na Puso ni Hesus para magbigay
ng buhay, kalinga, pagpupuri at pagmamahal. Amen

O! Hesus! O! Maria!
Kayo ang mga Puso ng Pag-ibig!
Minamahal ko Kayo!
Kunin Ninyo ako!
Ako ang Inyong sugo ng Pag-ibig! Amen.

O! Mga Puso ng Pag-ibig!
Kunin Ninyo ako!
Ako ang Inyong sugo ng Pag-ibig! Amen.